

HANEP

Basahin Mo Ito!


Taon 11 Blg. 14

August 3-9, 2026

P20.00



KOMISYON SA WIKANG FILIPINO AT SAMAHAN NG MGA GURO AT IBA PANG PROPESYONAL SA WIKA, INC., LUMAGDA NG MOU



IPINAHAYAG ni FFCCCII President Victor Lim ang nakatakdang advance screening para sa movie na Dear You sa Agosto 5 at 8 sa magkakahiwalay na sinehan ang SM Mall of Asia at SM North sa press conference sa Kamuning Bakery sa Quezon City. Kasama sa larawan sina William Terence Y. Lim, Jr., Pangulo ng Anvil Business Club (Anvil) at Miyembro ng Media & Public Information Committee ng FFCCCII, Wilson Lee Flores, Gino Chen, Secretary General ng FFCCCII. **(REY NILLAMA)- story p.2**



From L-R: Santa Rosa City Councilor Hon. Carmela Rosa Gonzales-Colmenar; MPCALA Holdings Inc. Facilities Management and MEPF Senior Engineer Dhale Angelo D. Santos; MPTC Assistant Vice President for Central Quality, Environment, Safety and Health (QESH) Allan Jeffrey N. Ang; MPTC Vice President for Stakeholder Engagement Arlette V. Capistrano; Santa Rosa City Mayor Hon. Arlene B. Arcillas; Santa Rosa City ENRO Head Engr. Maria Amor A. Salandanan, EnP.; and Santa Rosa City Councilor Hon. Mythor C. Cendaña.

Photo credit: Santa Rosa City Environment and Natural Resources Office CALAX Earns Three GREEN Awards for Environmental Sustainability- **story p.7**



Enchanted Kingdom gifts Filipinos with magic, fun, and hope at Eldar's Birthday Bash- **story p.7**



Balidasyon ng mga Wika at Diyalektong Kalinga. Matacumbay na Isinagawa ng mga Mananaliksik ng KWF- **story p.2**



Pagpapalakas sa Industriya ng Ube sa pamamagitan ng mga Pagsasanay, Suportado ng DA-ATI CALABARZON- **story p.2**

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0968-7122927

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO AT SAMAHAN NG MGA GURO AT IBA PANG PROPESYONAL SA WIKA, INC., LUMAGDA NG MOU

Pormal na nilagdaan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at Samahan ng mga Guro at Iba pang Propesyonal sa Wika, Inc. (SAGIP-WIKA) ang isang Memorandum ng Unawaan noong noong 15 Hulyo 2026 sa Auditorium ng Philippine Information Agency (PIA), Lungsod Quezon. Naganap ang seremonya matapos ang opisyal na paglulunsad ng "Kapihang Wika" ang Semestreng Ulat ng KWF," na naglalayong patatagin ang pagtutulungan ng pamahalaan at ng mga akademiko sa pagpapayaman ng pambansang wika. Pinangunahan nina Atty. Marites A. Barrios-Taran, Tagapangulo ng KWF; Dr. Carmelita C. Abdurahman, Fultaym Komisyoner para

sa Programa at Proyekto; at Dr. Benjamin M. Mendillo Jr., Fultaym Komisyoner para sa Pangasiwaan at Pananalapi ang paglagda para sa panig ng komisyon. Samantala, kinatawan naman ni Dr. Radji A. Macatabon, Direktor ng Sentro ng Wika at Kultura ng University of Southern Mindanao (USM), ang Samahan ng mga Guro at Iba pang Propesyonal sa Wika, Inc. Ang SAGIP-WIKA ay isang pambansang samahan ng mga guro at iba pang propesyonal sa wika na nagkakaisa sa layuning itaguyod ang wika at pangalagaan ang kultura sa pamamagitan ng sama-samang pagkilos at pakikipagtulungan.

Balidasyon ng mga Wika at Diyalektong Kalinga, Matagumpay na Isinagawa ng mga Mananaliksik ng KWF

Walong ulat at datos ng mga kilalang wika/diyalektong Kalinga ang matagumpay na nabalida ng mga mananaliksik ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) noong 23–26 Hunyo 2026.

Naging mahalagang katuwang ng KWF ang mga Community Service Center (CSC) ng National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) sa lalawigan ng Kalinga. Sa pangunguna ni Engr. Bernardo Canao, sinuportahan ng NCIP-CSC Tinglayan ang balidasyon sa ulat ng mga wika sa komunidad ng Finagad at Lilubuaen na isinagawa ng mga mananaliksik na sina G. Jose Evie Duclay at Bb. Dannielle T. Laggui noong 23 at 26 Hunyo 2026.

Kasabay nito, nagsagawa rin ng balidasyon ang mga mananaliksik na sina G. Rolien Mark Balisi at G. Christian DS. Nayles para sa ulat ng mga wika ng komunidad ng Whinutwut/Butbut at Sinumacher sa parehong mga petsa.

Samantala, noong 24-25 Hunyo 2026, nagsilbing pangunahing katuwang ng mga mananaliksik ng KWF ang NCIP-CSC Balbalan sa pamumuno ni Bb. Vilma Guyang Dumbab at ang NCIP-CSC Tanudan sa pangunguna ni CDO III at Acting Provincial Officer Anneleis Marie Mabazza sa balidasyon ng mga ulat sa Minabaca, Minajukayong, Linilimos, at Guininaang.

Nagpakita rin ng matibay na suporta ang Pamahalaang Bayan ng Pasil sa isinagawang balidasyon sa komunidad ng Guininaang. Sa pangunguna ni Alkalde Atty. Silvestre Mosing, buong-pusong tinanggap ng

lokal na pamahalaan ang mga mananaliksik ng KWF at mga kawani ng NCIP.

Sa isinagawang courtesy call sa tanggapan ng alkalde, ipinahayag niya ang kahandaan ng pamahalaang bayan na makiisa at maging katuwang ng KWF sa mga susunod pang pananaliksik, dokumentasyon, at iba pang programang naglalayong mapangalagaan, mapaunlad, at mapayabong ang mga wika ng kanilang pamayanan.

Lubos din ang naging pakikiisa ng walong komunidad ng Kalinga na aktibong nakilahok sa balidasyon ng mga impormasyong nakapaloob sa kani-kanilang language profile, kabilang ang estado at deskripsiyon ng kanilang wika. Bukod dito, matiyaga rin nilang sinuri at iwinasto ang mga baybay at bigkas ng mga salitang nakapaloob sa kanilang mga talasalitaan (wordlist) na nakalap ng mga mananaliksik ng KWF noong 2025.

Sa pamamagitan ng kanilang aktibong pakikilahok, naging matagumpay ang balidasyon, pagsasapanahon, at pagwawasto ng mga datos na magsisilbing mahalagang batayan sa patuloy na dokumentasyon at pagpapaunlad ng mga wika ng Pilipinas.

Ang proyektong Balidasyon ng mga Wika ay isang patuluyang inisyatiba ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) na naglalayong masaliksik at mabalida ang iba't ibang datos hinggil sa mga wika sa bansa bilang bahagi ng pagsasapanahon ng mga impormasyong pangwika ng ahensiya.

FFCCCII, Anvil nag-sponsor ng advance screening ng 'Dear You' sa Agosto 5 at 8

Inanunsyo ni Victor Lim, Pangulo ng Federation of Filipino Chinese Chambers of Commerce and Industry, Inc. (FFCCCII), kasama si William Terence Y. Lim, Jr., Pangulo ng Anvil Business Club (Anvil) at Miyembro ng Media & Public Information Committee ng FFCCCII, na sila ay mag-i-sponsor ng advance screening ng pelikulang "Dear You" sa Agosto 5 at 8, 2026.

Sa press conference na in-host ni Wilson Lee Flores sa Kamuning Bakery Café, sinabi ni Victor Lim, "Salamat sa pagsama sa amin ngayon para sa press conference na ito tungkol sa advance screening ng pelikulang 'Dear You', na inihandog ng Anvil Business Club sa pakikipagtulungan sa Federation of Filipino Chinese Chambers of Commerce and Industry, Inc. (FFCCCII)."

"Isang kamakailang halimbawa ng aming dedikasyon ay ang aming paanyaya noong nakaraang buwan sa sikat na aktres ng vertical drama na si Zhang Yingfei mula sa hit series na Linda Walker na bumisita sa Pilipinas," sabi niya.

Ang adbokasiyang ito ay sumasalamin sa diwa ng aming 'Operation Barrio Schools' na programa, kung saan ang FFCCCII ay nakapag-donate na ng higit sa 6,500 na pampublikong gusali ng paaralan sa mga komunidad na kulang sa serbisyo sa buong bansa mula pa noong 1961," dagdag pa niya.

Ipinagmamalaki ng FFCCCII na suportahan ang kahanga-hangang pelikulang ito sa pamamagitan ng pagsuporta sa dalawang advance screening: Agosto 5, 2026 sa ganap na 7pm sa SM Mall of Asia IMAX, at Agosto 8, 2026 sa ganap na 6:30pm sa SM North EDSA Cinema 3, sa pakikipagtulungan sa Anvil Business Club, isa sa higit 170 Filipino Chinese chambers of commerce at mga organisasyong pang-negosyo na bumubuo sa aming Pederasyon, na may mga miyembro mula Apari hanggang Tawi-Tawi," sabi ni Lim.

Sinabi ni William Terence Y. Lim, Jr., "Sa ngalan ng Anvil, malugod kong tinatanggap ang FFCCCII at ang mga miyembro ng media." "Maraming salamat po. Sana ay magustuhan ninyo ang pelikula," dagdag pa niya. "Ipapakita ng pelikulang ito ang maraming pagkakahawig sa mga OFW," sabi niya. Umaasa si Gino Chen, Secretary General ng FFCCCII, na dadalo at manonood ang mga miyembro ng media sa advance screening ng pelikulang "Dear You". "Talagang may kinalaman ang pelikulang ito sa nangyayari sa mga OFW. Talagang napakagandang pelikula nito," sabi niya. Sinabi ni Eduardo Cobankiat, Board Member at Co-Chairman ng Media & Public Information Committee ng FFCCCII, "Gusto ko lang kayong anyayahan sa advance

HVI 'Iaglag sa joint buy-bust operation

ISANG High Value Individual (HVI) ang naaresto matapos ang matagumpay na joint buy-bust operation ng pulisya kamakailan sa Dasmariñas City, Cavite.

Ang joint buy-bust operation ay isinagawa ng Cavite Police Provincial Office Provincial Drug Enforcement Unit at Dasmariñas Component City Police Station na nagresulta sa pagkakaaresto sa suspek na si alyas Kulot, 25, at residente ng Barangay Salawag, ng naturang lungsod.

Isinagawa ang operasyon sa Barangay Salawag, Dasmariñas City nitong Hulyo 27 dakong alas-3:30 ng hapon na may koordinasyon sa PDEA.

Nakumpiska sa suspek ang tatlong pakete na naglalaman ng hinihinalang shabu na may kabuuang timbang na humigit-kumulang 80 gramo, na nagkakahalaga ng ₱544,000.00 at isang pirasong ₱500 na buy-bust money.

Pagpapalakas sa Industriya ng Ube sa pamamagitan ng mga Pagsasanay, Suportado ng DA-ATI CALABARZON

Bilang pagsuporta sa pagsusulong ng pamahalaan na mas paunlarin ang industriya ng ube at makatugon sa lumalaking demand, patuloy na pinalalakas ng Department of Agriculture - Agricultural Training Institute (DA-ATI) CALABARZON ang paghahatid ng makabagong kaalaman at teknolohiya sa produksyon at pagpoproseso ng ube.

"Maganda at malaki ang potensyal ng ube. Patok na patok ito bilang sangkap sa iba't ibang pagkain, at patuloy ang pagtaas ng demand—hindi lamang locally kun'di pati na rin globally. Ito ay isang malinaw na oportunidad para sa ating mga magsasaka, agripreneurs, at iba pang stakeholders sa industriya ng ube," ani Dr. Rolando V. Maningas, RAgr, Center Director ng DA-ATI CALABARZON.

Kaugnay nito, 33 Agricultural Extension Workers (AEWs) mula sa iba't ibang bayan sa rehiyon ang sinanay sa Training on Ube (Purple Yam) Production, Postharvest, Handling, and Processing, na isinagawa noong Hulyo 20-23, 2026, sa Ouan's Worth Farm and Family Resort Corporation, isang Private Agriculture and Fisheries Extension Service Provider (PAF-ESP) ng ahensiya sa Lucena City, Quezon.

Sa pamamagitan ng kanilang re-entry action plan na bahagi ng pagsasanay, magsisilbing daan ang mga AEW upang maibaba ang mga teknolohiya at kasanayan sa mga magsasaka ng ube sa kani-kanilang mga bayan tungo sa mas masaganang produksyon at mas mataas na kita.

Kabilang sa mga pamamaraang kanilang natutuhan at ibabahagi sa mga magsasaka ng ube ang soil testing, land preparation, wastong pagpili ng planting materials, pagpaparami, replanting, pamamahala sa mga sakit at peste, pag-ani, at postharvest handling and storage. Sa tulong ito ng mga tagapagsanay na sina Bb. Kimberly R. Reyes, RAgr (Provincial Agriculture Office - Quezon), Bb. Ma. Almira C. Silva (Mira's Food and Agriventure, Inc.), at Bb. Sierralyn S. Sandoval, RAgr (DA-Regional Crop Protection Center IV-A).

Bahagi rin ng pagsasanay ang aktuwal na pagpoproseso ng ube at lakbay-aral sa BeeGood Agri ventures OPC, isang Learning Site for Agriculture (LSA) ng DA-ATI CALABARZON sa Tiaong, Quezon. Mula rito, natutuhan ng mga AEW ang wastong pagpaparami ng ube, gayundin ang tamang pagpili at paghahanda ng planting materials.

"Ako po ay naipadala dito sa training sa ube dahil sa amin po ay may isang barangay na exclusively ube ang itinatanim. Ang naging practice po doon sa amin ay ang traditional way. Ngunit sa training na ito, nalaman ko na may iba pa palang paraan ng cultural management upang makatipid sa gagamiting planting materials. Natutunan ko rin ang kahalagahan ng postharvest dahil kadalasan, ang naging practice ay pagka-harvest, ilalagay na agad sa sako at diretso benta na. Ito po 'yung mga ibabahagi at gagawin namin sa aming bayan pagbalik ko," pahayag ni Andrian Paul William Luna, AEW mula sa Talisay, Batangas.

Bilang suporta sa propesyonalisasyon at pagpapatibay ng mga kaalaman at kasanayang pang-agrikultur, nakatanggap ang mga kalahok na rehistradong agrikultur ng 7.5 Continuing Professional Development (CPD) credit units mula sa pagsasanay.

Bukod dito, nauna na ring nagsagawa ang DA-ATI CALABARZON ng malawakang webinar sa produksyon at pamamahala ng ube sa pamamagitan ng regular na programa nitong Agricultural Technologies thru Internet at Home (ATI@Home) para sa Best Purple Harvest: Ube Production and Management noong Abril 30, 2026. Nakibahagi sa webinar ang 848 na kalahok mula sa iba't ibang sulok ng bansa, kung saan 700 rehistradong agrikultur ang nakatanggap ng 1.00 CPD credit unit.

Aktibo rin ang DA-ATI CALABARZON sa pamamahagi ng information, education, and communication (IEC) materials tungkol sa ube sa mga pagsasanay at Farmers' Information and Technology Services (FITS) Centers at FITS Kiosks sa iba't ibang bayan sa rehiyon upang mas gawing aksesible ang mga kaalaman at teknolohiya sa produksyon at pamamahala ng ube. Nakaplano na rin para sa susunod na taon ang iba pang mga pagsasanay na may kaugnayan sa industriya ng ube bilang patuloy na pakikiisa ng ahensiya sa hangaring mapaunlad pa ang industriya. "Patuloy nating pagtutungan ang pagpapalakas ng industriya ng ube sa pamamagitan ng inobasyon, pakikipagtulungan, pagbabahagi ng kaalaman, pagpapanday ng kasanayan. Sa ganitong paraan, makapag-aambag tayo sa pag-unlad ng kabuhayan ng ating mga magsasaka at sa paglago ng sektor ng agrikultura," ani Dr. Maningas.

Ulat ni: Archie C. Linsasagin

Editorial

Iisa lamang ang pangulo

MAINIT pa ring pinag-uusapan ng ating mga kababayan ang katatapos na ikalimang State of the Nation Address ni Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Marcos, Jr.

Panis, bulok, walang kwenta at kung anu-ano pang pintas ang puna ng mga kababayan nating hindi kapanalig ng pangulo.

Siyempre, kung kapanalig naman ay maganda,

malaman, masustansiya at iba pang papuri sa SONA ng presidente.

Kwentuhan sa mga umpukan o sa mga kantu-kanto ang nilalaman ng talumpati sa SONA ni PBBM.

Hindi lamang sa social media bagkus maging ang magkakapit-bahay, magkakakilala, magkakaibigan at magkakamag-anak ay nagpapalitan ng kani-kanilang mga saloobin at pananaw.

May pinapanigan man o walang kinikilingan ay tandaan na iisa lamang ang pangulo ng bansa.

CARD MRI nagsagawa ng media lakbay-aral sa Cagayan de Oro

Labintatlong mamamahayag mula sa Northern Mindanao ang nakiusa sa ikalawang PANAGHIUSA: CARD MRI Exposure Tour Program na ginanap sa Cagayan de Oro City mula Mayo 25-27, 2026. Layunin ng programa na mas maipakilala sa mga mamamahayag ang mga programa at serbisyo ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) at maipakita ang mga ginagawa nito upang makatulong sa paglaban sa kahirapan.

Ayon kay CARD MRI Publishing House President Marilyn Magampon Manila, nananatiling nakatuon ang CARD MRI sa pagtulong sa mga mahihirap sa pamamagitan ng mga programang tumutugon sa kanilang pangangailangan. "Ang misyon ng CARD MRI ay nakasentro sa aming hangaring makatulong sa paglaban sa kahirapan at patuloy na mapabuti ang aming paglilingkod sa mga kliyente sa pamamagitan ng mga produkto at serbisyong tunay na tumutugon sa kanilang mga pangangailangan," ani Manila. Dagdag pa niya, "Nais naming makatuwang ang mga mamamahayag na may kaparehong adhikain upang mas maipalaganap ang mensaheng ito at mas maipabatid sa publiko ang mahalagang papel ng microfinance sa pagpapabuti ng buhay ng mga tao at ng kanilang mga komunidad."

Kabilang sa mga lumahok sa programa sina Panguil Bay Journal COO Cyril Cabrera; Malindang Newsline Mobile Journalist Cush Berenguel; Misamis Network News Mobile Journalist Glenn Ray Roluma; RMN INC News Director Menzie Montes; Radyo Asenso 106.7 Mobile Journalist Yvonne Berenguel; Radyo Trumpeta Anchorman Ercel Maandig; DXCC RMN Newswriter and Reporter Joanna Mae Ricote; RMN

DXIC Iligan Station Manager Ghiner Cabanday; PBS Radyo Pilipinas Broadcast Program Producer Sharif Timhar Habib Majid; Philippine News Agency Bureau Chief Nef Lucson; Net25 Correspondent Laura Pobadora; MisOr Radyo Media Events Marketing Director at Reporter Stephanie Berganio; at Malindang Newscooper Mobile Journalist Nyce Grace Cabajar.

Upang mas maunawaan nila kung paano naaabot at napaglilingkuran ng CARD MRI ang mga komunidad, hinati ang mga kalahok sa dalawang grupo para sa pagbisita sa mga center meeting. Ang unang grupo ay nagtungo sa CARD, Inc. Balulang 1A Center habang bumisita naman ang ikalawang grupo sa CARD SME Bank Piaping Puti Center.

Sa kanilang pagbisita, nasaksihan nila kung paano isinasagawa ang mga center meeting at kung paano nagagawa ng mga miyembro ang kanilang mga transaksyong pinansyal, kabilang ang pagbabayad ng loan, nang hindi na kailangang bumiyahe papunta sa opisina o bangko. Malaking tulong ito lalo na sa mga naninirahan sa malalayong lugar. Binisita rin ng mga mamamahayag ang ilang tanggapan ng CARD MRI sa Cagayan de Oro City, kabilang ang CARD, Inc., CARD SME Bank, Inc., CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA), at CARD Pioneer Microinsurance Inc. (CPMI). Sa pamamagitan nito, mas nakita nila kung paano nagtutulungan ang iba't ibang institusyon ng CARD MRI upang makapagbigay ng komprehensibong suporta sa mga kliyente at komunidad. Bukod sa pag-aaral tungkol sa mga operasyon ng CARD MRI, nagkaroon din ng pagkakataon ang

mga kalahok na makausap ang ilan sa mga kliyenteng natulungan ng organisasyon. Kabilang dito ang mag-asawang Jaime at Candelaria Bedro na nagpakita ng kanilang mga produktong chicharon at longganisa. Nakatikim din ang mga mamamahayag ng puto maya at sikwate na inihanda ni Nice Nanol, isang kliyente ng CARD SME Bank sa loob ng mahigit 15 taon.

Kasama rin sa programa ang storytelling session para sa mga bata na pinangunahan ng CARD MRI Publishing House gamit ang aklat pambata na Ang Lapis ni Anya. Dinaluhan ito ng 21 bata at naglalayong hikayatin silang mas maging interesado sa pagbabasa. Layunin din ng aktibidad na mabawasan ang labis na paggamit ng mga gadyet at iba pang elektroniks ng mga bata.

Sa huling araw ng programa, nagsagawa naman ng media briefing upang sagutin ang mga katanungan ng mga mamamahayag tungkol sa mga operasyon ng CARD MRI. Dumalo rito sina CARD MBA Deputy Director for Operations

Janicekith Navera, CARD MBA Cluster Manager Ann Jaraine Balacuit, CARD MBA Provincial Manager Francis Ann Vargas, CARD SME Bank Area Manager Mark Ordiz, CARD SME Bank Acting Area Manager Mary Chris Momville, CARD Pioneer Provincial Leader Joycee Sanoy, CARD Pioneer FPRO Joecil Abenoja, at CARD, Inc. Unit Managers Mary Ann Buhoy, April Jane Adecer, at Ritchel Santua. Nakatakda idaos sa Laguna sa Agosto 2026 ang ikatlong PANAGHIUSA: CARD MRI Exposure Tour Program. Patuloy na isinasagawa ng CARD MRI ang mga ganitong programa upang mas mapalawak ang kaalaman ng publiko tungkol sa microfinance at sa mga serbisyong nakatutulong sa pagpapabuti ng buhay ng mga Pilipino.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa CARD MRI, bisitahin ang opisyal nitong website sa cardmri.com o ang Facebook page nito na CARD MRI Official. **(Josephine Ramos, Junior Writer)**



Bilang bahagi ng PANAGHIUSA: CARD MRI Exposure Tour Program sa CDO, makikitang nagluluto ng chicharon si Jaime Bedro (una mula sa kaliwa) habang iniinterbyu at kinukuhanan ng larawan ng mga mamamahayag.

Kalibre

Romy Santos
0977-7844136

Nakaguhit

SA mga pag-usad ng impeachment trial laban kay Vice President Sara Duterte ay may mga umugong na bali-balita o haka-haka ng kanyang pagbibitiw sa puwesto. Mariin itong itinanggi ng bise presidente at kinumpirmang hindig-hindi mangyayari.

Para kay VP Sara, ito ay maituturing na malinaw na pagtataksil sa mahigit 32 milyong Pilipino na naniniwala sa kanya at bumoto.

Kung sa pagtatapos ng paglilitis ay mahatulang guilty ay n a n g a h u l u g a n lamang na hindi nakalaan sa kanya ang maging pangulo ng ating bansa.

Sakali naman na absuwelto ay hindi pa rin masasabi ang katiyakan na next president na siya.

Magkakaalaman sa pamamagitan ng halalan subalit kung sadyang nakaguhit sa kapalaran ay magiging President Sara Duterte siya.

Lahat ng mga naging pangulo ay nakatakda

sa kanilang kapalaran kagaya ni President Bongbong Marcos.

Ang ama ni VP Sara, nakatakda sa kapalaran na magiging pangulo ng bansa at nangyari naman.

Tila nakaguhit sa kapalaran ni dating Pangulong Rodrigo Duterte ang pagkakapiit. Ano naman kaya ang nakaguhit sa kapalaran ni PBBM sa pagtatapos ng kanyang termino?

Matutulad kaya si PBBM sa kapalaran ni ex-President Duterte na selda ang kahahantungan?

Pagkakaiba nga lamang ay sa ICC nasadlak ang ama ni VP Sara at kung nakaguhit ang kahalintulad na kapalaran ang kay PBBM ay dito lamang sa piitan ng ating bansa.

Ang kasalukuyang pinakamataas na lider ng ating bansa at pangalawa sa pinakamataas ang aabangan nating guhit ng kapalaran sa hinaharap o susunod na mga taon.

HANEP

Basahin Mo Ito!

ROMEO S. SANTOS

Publisher/Editor-in-Chief

JUNE K. BILLONES

Managing Editor

Ang 'HANEP Basahin Mo Ito!' ay inilalathala tuwing lunes ng **HANEP Publication** na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. San Sebastian Kawit, Cavite
Contact#: 0977-7844136/09687122927

Website: <https://hanep.net>

Email: ronejed@yahoo.com/ haneppublication@yahoo.com

PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.

Papi

ADVERTISING RATES

COMMERCIAL - - - - P200/col.cm

LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm

Republic of the Philippines
Fourth Judicial Region
REGIONAL TRIAL COURT
BRANCH 114
CITY OF BACOR, CAVITE

2nd Floor, Main Square Mall, Molino Blvd., Bacoor City, Cavite
Email: rtc1bcr114@judiciary.gov.ph
Phone No: 0908-499-0181

IN RE: PETITION FOR ISSUANCE OF A
NEW OWNER'S DUPLICATE COPY OF
TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO.
(057-2011013033) 1672016002954, OF
THE REGISTRY OF DEEDS FOR
THE PROVINCE OF CAVITE

LENA LENGSON-SANTOS,
Petitioner.

LRC CASE NO. 8843-2026-45

-versus-

THE REGISTRY OF DEEDS FOR BACOR
CITY, PROVINCE OF CAVITE AND ALL
PERSONS WHO HAVE OR CLAIM ANY
INTEREST WHICH WOULD BE AFFECTED
BY THE ISSUE OF SAID OWNER'S
DUPLICATE,

Respondents.

x ----- x

ORDER

On April 15 2026, petitioner, through counsel, filed this instant petition alleging among others that: (a) petitioner, together with her late husband, Emerson T. Santos, is the owner of a parcel of land covered by TCT No. (057-2011013033) 1672016002954; (b) the title was in the custody of Emerson T. Santos until it was lost prior to his death; (c) the title can no longer be found despite diligent efforts to locate the same and an Affidavit of Loss was executed; and (d) the property was declared for taxation purpose. Petitioner is praying that the court, after due notice and hearing, render judgment directing the Register of Deeds for the Province of Cavite, Bacoor City Branch to issue another Owner's Duplicate Copy of Transfer Certificate of Title No. (057-201103033) 1672016002954 with the same force and effect in lieu of the loss one.

Finding the petition to be sufficient in form and substance, the same is set for initial hearing on **September 15, 2026 (Tuesday) at 1:30 in the afternoon** at 2nd floor, Main Square Mall, Bacoor Boulevard (formerly Molino Boulevard) Barangay Bayanan, City of Bacoor, Cavite at which date, place and hour, any interested person may appear and show cause why the said petition should not be granted.

Petitioner is directed to cause the publication of the copy of this Order at her expense once a week for three (3) consecutive weeks in a newspaper of general circulation in the Cities and Province of Cavite at least thirty (30) days prior to the scheduled date of hearing.

The Sheriff of this court is ordered to post this Order in six (6) conspicuous places in the Province of Cavite, where the subject property is situated at least one (1) month prior to the aforesaid date of hearing, particularly at the bulletin boards of the following: (1) the main entrance of the Provincial Building of Cavite; (2) the main entrance of the City Hall Building of Bacoor City, Cavite; (3) the Hall of Justice of Bacoor City; (4) 2nd floor, Main Square Mall, Bacoor Boulevard (formerly Molino Boulevard) Barangay Bayanan, City of Bacoor, Cavite; (5) the Registry of Deeds Bacoor City, Cavite; and (6) the Barangay Hall where the property is situated.

SO ORDERED.

IN CHAMBERS. This 22nd day of April, 2026 in the City of Bacoor, Cavite.

(Sgd)

NIKKI ROSE DELA PEÑA ESPERANZA

Republic of the Philippines
Fourth Judicial Region
MUNICIPAL TRIAL COURT IN CITIES
BRANCH 4, Imus City, Cavite
(Mobile: 0929-705-0443)
(E-mail: mtcc1imu004@judiciary.gov.ph)

HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND
(PAG-IBIG FUND), represented by
Fidel P. Tan and ANGELA J. FARILLON,
Represented by her Attorney-in-fact,
Gemma Parillon Hidalgo,
Plaintiffs,

Civil Case No. 26-3099
For: Accion Publiciana

-versus-

CHRISTOPHER T. DELA PEÑA and all
persons claiming for and in his behalf;
Defendant,

X ----- X

SUMMONS BY PUBLICATION

TO: CHRISTOPHER T. DELA PEÑA
Block 22 Lot 40, Phase 2, Green Estate Homes,
Malagasang 1-F, Imus City, Cavite

GREETINGS:

In accordance with the court's Resolution dated June 16, 2026, you, **CHRISTOPHER T. DELA PEÑA**, with given address at **Block 22 Lot 40, Phase 2, Green Estate Homes, Malagasang 1-F, Imus City, Cavite** are hereby summoned pursuant to Section 16, Rule 14 of the Rules of Court. You are DIRECTED to file with the Municipal Trial Court in Cities, Branch 4, Imus City, Cavite, your Answer

to the above-entitled civil case within sixty (60) calendar days from the last date of publication, serving at the same time a copy of your responsive pleadings and/or Answer upon Plaintiffs' counsels, through email:

Legal and External Affairs Sector, Home Development Mutual Fund: lgcgdocket.litigation@pagibigfund.gov.ph / mumalabadpenolbo@pagibigfund.gov.ph

Atty. Marvyn L. Maristela (counsel for plaintiff Angela J. Farillon): maristela1011@yahoo.com / maristelalawoffice.legal@gmail.com

You are reminded of IBP-OCA Memorandum on Policy Guidelines dated March 12, 2002 to observe restraint in filing a motion to dismiss and instead allege the grounds thereof as defenses in the Answer. Should you fail to file your answer within the period fixed, the court, motu proprio or on motion of the plaintiff, shall render judgment as may be warranted by the facts alleged in the complaint and its attachments.

PLEASE BE GUIDE BY THE FOLLOWING:

STATEMENT OF FACTS

On March 11, 2014, defendant Christopher T. Dela Peña entered into a contract to Sell with Homemark, Inc. covering a parcel of land with improvements thereon located at Blk 22 Lot 40 Phase 2, Green Estate Brgy. Malagasang 1-F Imus, Cavite. To finance the purchase, he obtained a loan from Pag-IBIG Fund in the amount of PHP704,810.50, the proceeds of which were directly released to Homemark, Inc. Following the loan release, Homemark, Inc. with conformity of the defendant, assigned its interests and the Contract to Sell over the subject property in favor of Pag-IBIG Fund. However, defendant subsequently defaulted on his monthly amortization, prompting Pag-IBIG Fund to cancel the Contract to Sell. Consequently, the property was classified as an Acquired Asset and later conditionally sold to plaintiff Angela J. Farillon, with the latter being granted authority to possess and exercise possessory rights over the subject property.

Alleging that defendant continued to occupy the property despite the cancellation of the Contract to Sell and several demands to vacate, plaintiffs pray:

WHEREFORE premises considered, it is most respectfully prayed to this Honorable Court that after due notice and hearing, judgment be rendered, as follows:

1. DECLARING the plaintiffs HDMF and Angela J. Farillon as the lawful possessors of the subject property;

2. ORDERING the Defendants and all other persons claiming rights under them to PEACEFULLY VACATE the subject property and DELIVER the immediate and full possession of the subject property, together with all improvements thereon, to the Plaintiffs;

3.Ordering defendant to PAY the Plaintiffs reasonable compensation for the continued unlawful possession / occupation and use of the subject property in the sum of at least Two Thousand Five Hundred (P2,500.00) Pesos per month reckoned from Notice to Vacate date of November 27, 2024 until the date of the defendants and all persons claiming rights under him actually vacate the premises.

4. Ordering the Defendant to pay THIRTY THOUSAND (P30,000.00) PESOS and for Attorney's fees plus cost of this suit.

Other reliefs, just and equitable, are likewise prayed for under the premises.

WITNESS THE HON. RYAN DE LEON FERRAREN,
Presiding Judge of this Court, this 16th day of June 2026 at Imus City, Cavite.

(Sgd)
ATTY. CHAR MAE C. CASIL
Officer-in-Charge

Publication: HANEP August 3, 10 & 17, 2026

Presiding Judge
Copy Furnished:

LENA LENGSON-SANTOS Petitioner 68 Tuesday St., St. Joseph Village, Niog 1, Bacoor, Cavite Order/Resolution served thru: Date: _____ Remarks: _____
ATTY. MICHAEL PAUL G. REYSIO-CRUZ Counsel for Petitioner 205, Strata Building, F. Ortigas Jr. Road, Ortigas Center Pasig City Mgreysio-cruz@jstplaw.com Order/Resolution served thru: Date: _____ Remarks: _____
RTC OCC 2/F Old City Hall, Bacoor City, Cavite Order/Resolution served thru: Date: _____ Remarks: _____
REGISTRY OF DEEDS-CAVITE Public Respondent Provincial Capitol Trece Martires City, Cavite Order/Resolution served thru: Date: _____ Remarks: _____
REGISTRY OF DEEDS-BACOR CITY Public Respondent Bacoor Government Center Order/Resolution served thru: Date: _____ Remarks: _____

Publication: HANEP August 3, 10 & 17, 2026

Republic of the Philippines
Fourth Judicial Region
Regional Trial Court of Cavite
Office of the Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff
New Justice Hall, J.P. Rizal Avenue,
Kaybagal South, Tagaytay City
Email Address: rtc1tgtocc@judiciary.gov.ph
Contact Nos. 09676699985/(0460 419-0464

88 ASIA FINANCE CORPORATION,
Petitioner/Mortgagee,

EJF NO. TG-26-068
FOR: Extra-Judicial Foreclosure
under R.A. 3135 as amended

-versus-

JOCIELYN BAUTISTA, Single and
YURIB B. PACIA,
Respondents/Mortgagors,

X ----- X

NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon Extra-judicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act No. 4118, filed by *Petitioner/Mortgagee*, **88 ASIA FINANCE CORPORATION**, a corporation duly organized and existing under and virtue of the Republic of the Philippines, with office address at 10th Floor Unionbank Center Manila, 208 Dasmariñas St., cor. Quintin Paredes St., Binondo Manila, pursuant to the terms and conditions of the Real Estate Mortgage executed and notarized on February 23, 2023, by *Respondents/Mortgagors* **JOCIELYN BAUTISTA, Single and YURIB B. PACIA**, of legal age, Filipinos, with residence and postal address at: (1) #7731 Purok 2, Brgy. Lalaan 1, Silang, Cavite and (2) Lot 2 Blk. 1 Road Lot 8, Gainsville Subd., Brgy. Bulihan, Silang, Cavite, in favor of the *Petitioner/Mortgagee*, over a real estate property including improvements thereon, described in and covered by **TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 076-2022005663** of the Registry of Deeds for Tagaytay City, in order to satisfy the outstanding loan obligation of the respondents-mortgagors in the amount of **ONE MILLION FOUR HUNDRED TWENTY SIX THOUSAND FIVE HUNDRED TWELVE PESOS (Php1,426,512.00)**, inclusive of penalties and legal charges, as of July 2, 2026, the undersigned Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court of Cavite thru her deputy, Oliver N. Mendoza, will sell at public auction on **September 10, 2026** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter, at the New Hall of Justice of Tagaytay City, to the highest bidder, for Cash or Manager's Check and in Philippine Currency, the following property with all its improvements thereon, to wit:

TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE
No. 076-2022005663
Registry of Deeds for Tagaytay City

"IT IS HEREBY CERTIFIED *that certain land situated in* BRGY. OF BULIHAN, MUN. OF SILANG, PROV. OF CAVITE, *bounded and described as follows:*
A PARCEL OF LAND (LOT 2, BLK. 1 OF THE CONS. SUBD. PLAN, PCS-04-018178, BEING A PORTION OF THE CONS. OF LOTS 1, 2 & 3, PSD-59052 & LOT 4-C, PSD-04-042371, (LRA REC. NO. 20852), SIT. IN THE BRGY. OF BULIHAN, MUN. OF SILANG, PROV. OF CAVITE. BOUNDED ON THE SE., ALONG LINE 1-2 BY LOT 1, BLK. 1; ON THE SW., ALONG LINE 2-3 BY RD. LOT 8; ON THE NW., ALONG LINE 3-4 BY LOT 3; ON THE NE., ALONG LINE 4-1 BY LOT 6, BOTH OF BLK. 1, ALL OF THE CONS. SUBD. PLAN. BEGINNING AT A PT. MARKED "4" ON PLAN BEING S. 48 DEG. 53'W., 7539.94 M. FROM BLBM NO. 1, BO. CABILANG BAYBAY, MUN. OF CARMONA CAVITE; THENCE S. 23 DEG. 06'W., 11.50 M. TO PT. 2; THENCE N. 66 DEG. 54'W., 4.00 M. TO PT. 3; THENCE N. 23 DEG. 06'E., 11.50 M. TO PT. 4; THENCE S. 66 DEG. 53'E., 4.00 M. TO PT. BEGINNING, CONTAINING AN AREA OF FORTY SIX (46) SQ. METERS. ALL PTS. REFERRED TO ARE INDICATED ON THE PLAN AND ARE MARKED ON THE GROUND BY PS. CYL. CONC. MONS. 15 X 40 CM.; BEARINGS TRUE; DATE OF ORIG SURVEY, JUNE 7-15, 1943 AND THAT OF THE CONS. SUBD. SURVEY, JULY 2-4, AUG. 27-28, & SEPT. 3-NOV. 30, 2001 AND WAS APPROVED ON NOV. 13, 2002.

BRAP Mobile Registration Successfully Conducted in Brgy. Balagtasin and Brgy. Balagtasin I, San Jose, Batangas

The BRAP Mobile Registration Team successfully conducted a mobile registration activity in Barangay Balagtasin and Barangay Balagtasin I, San Jose, Batangas, as part of its continuing effort to bring government services closer to the community and ensure greater accessibility for eligible beneficiaries. A total of 23 individuals were successfully assisted and interviewed during the activity. Following the initial assessment and validation, 10 applicants qualified to proceed to the next stage of the BRAP registration process. Among the registrants, 6 were male and 17 were female, demonstrating the active participation of community members in the program. The mobile registration activity provided applicants

